



Isang hakbang sa isang pagkakataon, tungo sa pangarap ko

Sa isyung ito ng Mimitaro, atin nakapanayam si Ginoong Riki Febriana, Isang mekaniko ng mga sasakyan (taga Otsu-shi)



ng operasyon sa Indonesia, naisip ko rin na makakapagtrabaho ako ng komportable sa mapayapang bansang ito.

Ang pagsasanay ay ginagawa sa isang planta ng pagawaan ng mga makina sa Prepektura ng Shizouka, at dahil may humigit-kumulang 50 na mga Indonesian, ang kumpanya ay naghanda ng isang lugar-dasalan para sa aming mga Muslim, gayundin ang lugar para sa klase sa pag aaral ng wikang hapon. At ipinagpapasalamat ko ito. Sa pagtatapos ng 3 taong teknikal na pagsasanay nakapasa ako ng JLPT N3 at nakakuha ng sertipikasyon pang- espesyalistang antas para sa pagkumpuni ng makina (outboard motor). Pagkatapos nun bumalik muna ako sa Indonesia at sa loob ng 6 na buwan nagturo ako ng simpleng wikang hapon sa mga taong gustong pumunta ng Japan. Pagkatapos ay kumuha ako ng pagsusulit para sa ilalim ng Sistema ng Specified Skilled Worker sa larangan ng Agrikultura at bumalik sa Japan. Sa loob ng 6 na buwan sa Prepektura ng Nagano, nakapagtrabaho ako sa taniman ng lettuce kasama ang mga Vietnamese at Chinese na katrabaho. Nakatutuwang malaman na ang agrikultura ng Japan ay nagsisimula sa paghahanda ng lupa, ngunit ito ay mahirap na trabaho, na ang pag-aani ay nagsisimula pagkatapos mula ala una ng hatinggabi, at higit pa rito, mahirap ding makakuha ng pahingang mga araw. Gamit ang sertipikasyon sa pang-espesyalistang antas na nakuha ko dati, nagtrabaho ako ng isang taon at kalahati sa isang planta ng pagawaan para sa mga kagamitan sa pagkontrola ng temperatura sa Prepektura ng Fukushima. Habang nagtrabaho doon, nag-aral din akong mag-isa gamit ang YouTube at mga libro bilang paghahanda para sa pagsusulit ng Specified Skilled Worker (SSW) para sa mga partikular na kasanayan sa pagkumpuni at mantenasyon ng sasakyan. At nitong nakaraan taon ng Abril, sa pangalawang pagkakataong pagsubok kong kumuha ng pagsusulit para sa SSW ito ay naipasa ko, kung kaya't sa kasalukuyan ako ay nagtrabaho sa kumpanya ng pagawaan ng mga sasakyan dito sa Otsu (Daishin Motor Company).

Mahilig ako sa mga sasakyan, kaya ang pinangarap kong trabaho ay ang maging isang mekaniko ng mga sasakyan. Sa trabaho ko ngayon, lahat ng mga kasanayan na natutunan ko ay nagagamit at kapaki-pakinabang ito sa aking kasalukuyang trabaho. Ako ang kauna-unahang dayuhang mangagawa sa pinagtrabauhan ko, mula sa pinakasimula tinuturuan ako ng trabaho ng aking amo at ng mga kasamahan ko sa trabaho na

nakatataas sa akin. Kapag may nagsabing, “Ipasa mo ang salamin/megane,” sa isip ko ito ay salamin sa mata, ngunit ito pala ay pangalan ng isang kagamitan sa trabaho, kaya araw-araw ay may natutunan akong mga bagong karanasan. Sa kumpanya namin amin pinangangasiwaan ang iba’t ibang serbisyo, kasama na dito ang pagbebenta, pagkukumpuni at pagsusuri ng mga sasakyan, at ang trabaho ko ay suriin ang mga sasakyan at kung may nakita akong depekto kailangan ipagbigay alam ko ito sa mga nakakataas na mga mangagawa. May mga panahon din na nakikipag-ugnayan ako sa mga kostumer na isang malaking hamon para sa akin. Lagi akong kinakabahan, pero kapag nagtatawag na ako ng “Irasshaimase!” pakiramdam ko lumalakas ako at iyon nakakapagpasaya sa akin ngayon. Maraming mga karanasan pa akong haharapin, sa susunod balak kong kumuha ng pagsusulit para sa Pang-ika 3 na antas ng sertipikasyon pang-mekaniko.

Tumira muna ako sa mga dormitoryo dito sa Japan, pero ito ang kauna-unahan kong mamuhay mag isa sa isang apartment. Mahirap ang mga naging proseso sa paglipat-bahay sa apartment, dahil maraming mga dokumentong kailangan ihanda at mga notipikasyon na dapat isumite, nalilito din ako sa pagkakaiba-iba ng mga patakaran sa bawat lugar. Nung bumili ako ng supot para sa basura, sinabihan ako na ang nakatalagang supot ng basura ay magagamit sa kahit na anong klase ng basura, samantalang sa dati kong tinitirahang lugar, may nakatalagang kulay ang supot ng bawat basura. Nagluluto ako ng sarili kong pagkain, hindi ako kumakain ng baboy dahil sa relihiyon ko, pero ok lang dahil bago ako bumibili ng pagkain tinitingnan ko muna ang etekita ng mga ito. Minsan nagluluto ako ng maanghang na Indonesian Curry sa pamamagitan ng pag order ng mga Halal na pagkain at mga sangkap nito sa online.

Ang iba pang nakita kong lugar dito sa Shiga ay ang silid-aralan para sa Wikang Hapon, kung saan nag aaral ako dito tuwing linggo. Sa loob ng klase, maliban sa natututo ako ng wikang hapon, ang pagkakaroon ko ng pagkakataong makasalamuha ang mga mababait na mga guro at ang mga taong nagmula sa iba’t ibang bansa ay isa rin nakakapagpasaya ng puso ko. Lubos kong inirerekumenda ang pagsali sa pag aaral ng wikang hapon dahil malaking tulong ito upang lalo pang mapabuti ang kakayahan sa trabaho at patatagin pa lalo ang iyong pamumuhay.

Napamahal na sa akin ang Shiga, mayron itong tahimik, mapayapa, payak at maayos na pamumuhay at higit sa lahat, nabiyayaan ito ng napakagandang Lawa ng Biwa na maraming lugar na maari mong tangkilikin. Araw-araw nakakaasap ko sa pamamagitan ng bedyo sa telepono ang aking asawa at 2 taon gulang na anak na babae sa amin, gayunpaman pangarap kong makasama ang pamilya ko dito, masayang magkakasamang magkamping at maglakbay. Hindi naman ako ang tipong mahilig mag aral, pero pagsisikapang kong pareho ang trabaho at ang pag aaral ng wikang hapon upang matupad ko ang aking mga pangarap!

Naghahanap ng bahay na matitirahan?

Mga impormasyon para sa paghahanap ng mga pabahay. Mga pabahay tulad ng “Koei Jutaku/ Pampublikong Pabahay”, “Chintai Jutaku/ Paupahang Pabahay”, “Mochi Ie/ Sariling Pabahay”.

☆ **Pampublikong Pabahay /Koei Jutaku** Ang pampublikong pabahay ay maaring maupahan ng mga taong makakatugon sa ilang partikular na kundisyon, tulad ng mabababa ang kita. Pana-panahong ginaganap ang pangangalap sa mga nais umupa, at ang pabahay ay tinutukoy sa pamamagitan ng paripahan. Sa prepektura ng Shiga, mayroong mga pam-prepekturang pabahay, at ang ilang lungsod at bayan ay may pang-munisipal at pabahay ng bayan. May mga kinakailangang dokumento para sa katayuan ng paninirahan at kita, kaya mangyaring suriin ang mga ito.

① **Pabahay ng Prepektura /Ken-ei Jutaku** Mayron Pam-prepekturang Pabahay sa Shiga sa bawat rihyon nito. Ang tanggapan ay ginaganap apat na beses sa isang taon (Abril, Hulyo, Oktubre, Enero).

Shiga Ken-ei Jutaku Kanri Center (Sentro ng Tagapangasiwa ng Pam-prepekturang Pabahay)

TEL: 077-510-1500 (Pangunahing telepono)

TEL: 077-510-1501 (Para sa mga Dayuhan)

<https://shiga-kenei.com/>



② **Pabahay ng Munisipyo/Bayan /Shiei/choei Jutaku**

Maari kang sumangguni tungkol dito sa malapit na munisipyo sa tinitirahang lungsod o bayan.

☆ **Paupahang Pabahay /Chintai Jutaku** Sa Japan, karaniwan kapag naghahanap ng mga pabahay na matitirahan ay dumadaan sa isang “Fudousan /ahente sa pagbebenta at pag-uupa ng bahay/ lupa” upang pumerma ng kontrata. Sa pagkontrata depende sa napili mong tirahan, mayron mga kinakailangang bayarin “Reikin at Shikikin. Ang (Reikin ay bayad pasasalamat sa may ari ng paupahan at hindi na ito ibabalik sayo. Ang Shikikin ay inilalaang bayad para sa pagpapaayos ng mga ari-arian upang maibalik ito sa dating kondisyon kung ang nangungupahan ay aalis na, marahil may pagkakaton na ibinabalik ang bahagyang bahagi ng ibinayad at saka, mayron din mga kaso na kinakailangan ng Rentai Hoshonin /Garantor at kaso ng kinakailangan ng Yachin Hoshogaisha /Kumpanyang maaring bayaran sa paggagarantor. At bilang karagdagan may bayarin din sa Fudosan bilang komisyon (Chukai-tesuryo). Karaniwan isinasama na rin sa kontrata ang bayarin sa Seguro sa Sunog (Kasai- hoken). Bilang karagdagan, may bayarin din sa pamamahala (Kanri-hi) at bayarin para mag-ulit ng kontrata (Koshin-ryo) tuwing ika-2 taon.

Mapapakinabangan na mga Sayt

Websayt ng ahensiya sa paghanap ng mga tirahan Asosasyon para sa usaping- lote ng bahay at gusali sa Prepektura ng Shiga	Listahan ng mga real- estate agency na nakapagsasalita ng ibang wika Asosasyon ng mga namamahala sa pagpaparenta sa Japan)	Tungkol sa maayos na paglipat sa mga paupahang pabahay sa mga dayuhan Kagawaran ng Lupa, Imprastraktura, Transportasyon at Turismo
 https://www.hatomarksite.com/search/shiga/	 https://www.jpm.jp/multilingual/index.html	 https://www.mlit.go.jp/jutakukentiku/house/jutakukentiku_house_tk3_000017.html

• Tulong-Pabahay. Sistema para sa ligtas na pabahay (Safety-net System) sa Prepektura ng Shiga

Impormasyon para sa pam-pribadong paupahan para sa mga matatanda, may kapansanan, mga dayuhan, sa mga nagpapalaki ng anak/mga anak na sambahayan sa Prepektura ng Shiga.



Shiga-ken Safety Net Jutaku

[https://safetynet-](https://safetynet-jutaku.mlit.go.jp/guest/apart_list.php?pref=25)

[jutaku.mlit.go.jp/guest/apart_list.php?pref=25](https://safetynet-jutaku.mlit.go.jp/guest/apart_list.php?pref=25)



Shiga Anshin Chintai Jutaku

[https://www.pref.shiga.lg.jp/ippan/](https://www.pref.shiga.lg.jp/ippan/kendoseibi/zyutaku/300196.html)

[kendoseibi/zyutaku/300196.html](https://www.pref.shiga.lg.jp/ippan/kendoseibi/zyutaku/300196.html)

• Seguro para sa Sunog (Kasai Hoken)

Hindi alintana kung nangungupahan o may-ari ng tinitirahan, kailangan nakapisan sa Seguro ng sunog /kasai-hoken. Sa kaso ng mga paupahang apartment at condominium, karaniwan na sa mga “may ari ng paupahan /oyasan” at ng “umuupa /nyukyo-sha”na pumisan sa seguro ng sunog sa oras ng pagtira/nyukyo-ji at sa pagrenew ng kontrata /koshin-ji. Dahil pagmamay ari ng may ari ang gusaling paupahan, kukuha ng seguro sa sunog para sa gusali ang “may ari” at pasanin din niya ang bayarin nito, habang ang umuupa ay kukuha ng seguro para sa mga kagamitan sa loob ng bahay kagaya ng mga kasangkapan sa bahay at aplyanses at ang bayarin sa seguro ay sa “umuupa” din. Kung ikaw ang may ari ng tirahan /bahay, ikaw ay saklaw sa ilalim ng patakaran sa seguro sa sunog na saklaw pareho ang seguro sa sunog sa gusali at mga kasangkapan sa bahay.



☆ **Sariling Bahay (Mochi-ie)** Sa Japan, walang limitasyon sa nasyonalidad, katayuan ng paninirahan kung bibili ng bahay at lupa. Gayunpaman, tanging ang mga permanenteng residente at mga pinagkalooban ng katayuan ng paninirahan na may espesyal na permanenteng residente lamang ang nararapat na makakuha ng pautang na pabahay. Kung matugunan mo ang pamantayan para sa edad, kita, at mga taon ng serbisyo, at pumasa sa pagsusuri, maaari kang makakuha ng pautang na pabahay. Bilang karagdagan, kung matugunan mo ang iba pang mga kinakailangan at kundisyon, maaaring makatanggap ng pagbabawas sa buwis ng interes sa inutang na pabahay mula sa pang-huling pagbalik-buwis/Final tax return. Kung nagbago ang inyong sitwasyon-pinansiyal pagkatapos makakuha ng pautang na pabahay, kinakailangan ikonsulta mo ito sa banko na hiniraman para sa muling pagpapondo/refinancing o baguhin ang pagbayad/repayment ng inyong utang sa pabahay. Bilang karagdagan, ang mga nagmamay-ari ng tirahan sa unang araw ng Enero ay kinakailangang magbayad ng buwis sa ari-arian/amilyar/*koteishizanzei* na kinakalkula batay sa kanilang mga ari-arian sa opisina ng munisipyo ng lungsod o bayan kung saan sila nakatira.

• **Datos ng mga bakanteng bahay (Akiya Bank)**

Ito ay isang sistema kung saan ang mga impormasyong nakarehistro ng mga taong gustong umupa o kaya magbenta ng kanilang mga bakanteng bahay ay ipinakikilala sa mga taong nais umupa o kaya bumili ng mga bakanteng bahay. Mangyaring magtanong kung may *Akiya Bank* sa sangay ng pabahay sa opisina ng munisipyo sa lugar kung saan nais ninyong tumira.



<https://www.akiya-at-home.jp/buy/25/>

Tanggapan ng konsultasyon sa oras ng problema (Libreng konsultasyon)

Serbisyong konsultasyon para sa mga problema habang nakatira, pagkansela ng kontrata at pag alis sa pabahay


- Sentro ng Usapin ng Mamimili sa Prepektura ng Shiga (*Shohi Seikatsu Center*) (Hikone) / TEL 0749-23-0999
- Mga tanggapan ng konsultasyon sa usapin ng mamimili sa bawat lungsod at bayan sa Prepektura (*Kennai Kaku-Shi-Machi no Shohi Seikatsu Soudan Center*)
Mga serbisyong konsultasyon para sa iba't ibang isyu sa pabahay tulad ng pagkuha ng bahay, mga depekto, problema sa mga kontratista, atbp.
- Sumairu Diyal/ TEL 03-3556-5147



<https://www.chord.or.jp/consult/index.htm>

~Ano ang mga dapat kong gawin kung gusto ko nang lumipat? ~

- **Abiso** Magsumite ng abiso ng paglipat sa tanggapan ng munisipyo kung saan ka nakatira. Pagkatapos makalipat sa loob ng 14 na araw ay kailangan magsumite ng abiso ng paglipat sa opisina ng munisipyo ng bagong address. Kailanganin din baguhin ang address ng inyong residence card at individual number card. Bukod pa rito, kung may mga anak, kailanganin din kumpletuhin ang pamamaraan para sa paglipat ng nursery school, kindergarten, o paaralan. Kailangan din makipag-ugnayan sa inyong trabaho, bangko, at baguhin ang address ng lisensya sa pagmamaneho. Kung magsumite ka ng abiso ng paglipat ng tirahan sa opisina ng koreo/pos opis bago ka lumipat, ipapasa ang inyong mga sulat mula sa lumang address tungo sa inyong bagong address.
 - **Pakikipag-ugnayan sa mga Kapitbahay** Sa Japan, kaugalian na sa mga taong lumilipat sa bagong bahay na bumati sa kanilang mga kapitbahay. Kilalanin ang iyong mga kapitbahay at makiusap kung maari kang turuan tungkol sa mga lokal na patakaran, tulad sa mga araw ng koleksyon ng basura at mga lokasyon nito, mga lugar ng paglikas sa kaso ng sakuna at iba pa.
 - **Samahan ng mga magkakapitbahay (Jichikai)** Ang bawat lugar ay may mga samahan ng mga magkakapitbahay na pinamamahalaan ng mga nakatira rito. Ang samahan ng mga magkakapitbahay ay kasali sa iba't ibang aktibidad, tulad ng pag iwas sa krimen, pag iwas sa kalamidad at mga aktibidad sa pagpapaganda upang mapabuti ang kalidad ng buhay sa komunidad. Tinutulungan din nila ang mga nakatirang mga kabataan, isang samahan ng mga kabataan “Kodomo Kai” na tangkilikin ang mga palakasan, pagdiriwang, at iba pang mga aktibidad. Para sa pagpapatakbo ng mga proyektong ito, ang mga miyembro ay nagbabayad ng mga bayarin sa pagiging miyembro at itinatalaga ang mga tungkulin at responsibilidad. Bilang karagdagan, ang isang “inililibot na impormasyon/*Kairanban*” na naglalaman ng mga detalyadong lokal na impormasyon ay ipinapasa. Ang pagsapi sa isang asosasyon ng kapitbahayan ay boluntaryo, ngunit maaaring kailanganin din magpamiyembro sa ilang mga kaso, tulad nang kapag ang isang asosasyon ng kapitbahayan ay siyang namamahala sa isang lugar ng pangongolekta ng basura. Kung sakaling magkaroon ng sakuna, kinakailangan ang tulong sa isat’t isa, kaya mahalagang mapanatili ang magandang relasyon sa inyong mga kapitbahay.
- ※ Mangyaring tiyakin kung mayron o walang samahan ng kapitbahayan sa inyong lugar, dahil ang mga kaganapan at mga bayarin ay depende sa lugar.



Impormasyon mula sa Mimitaro

◆ Piyesta ng Tagsibol, sa Prepektura ng Shiga

• Hino Matsuri/Piyesta sa Hino

Mayo 2 (Biy) • 3 (bakasyon)
Umamioka Watamuki Jinja (Dambana)
705 Murai Hino-cho Gamo

• Sanyare-Odori Mayo 3 (bakasyon)

Ginaganap sa 7lugar sa loob ng lungsod ng Kusatsu
(Yagura • Shimogasa • Kataoka • Nagatsuka • Shina • Yoshida • Shinanaka)

• Shinoda no Hanabi Mayo 4 (bakasyon)

Shinoda Jinja 1613 Ueda-cho Omihachiman

• Shichikawa Matsuri Mayo 4 (bakasyon)

Oarahiko Jinja Inokuchi Shin Asahi-cho Takashima

• Sushikiri Matsuri Mayo 5 (bakasyon)

Shimoniikawa Jinja 1356 Sazukawa-cho Moriyama

• Shinryoku Masu Matsuri Mayo 11 (Lin)

Shiga Pref. Samegai Trout Farm

Shiga-ken Samegai Yosonjo Kaminiu Maibara



◆ Shiga-kenritsu Azuchi-jo Koko-hakubutsukan

(Shiga Prefectural Azuchi Castle Archaeological Museum)

Muling magbubukas pagkatapos ayusin Marso 18
6678 Shimotoira Azuchi-cho Omihachiman

◆ Shigaraki Sakkaichi (Perya, alagad ng sining)

Mayo 2 (Biy) ~ 5(bakasyon)

Shiga Prefectural Ceramic Cultural Park Taiyo no Hiroba
(Shiga-kenritsu Toge no Mori)

2188-7 Chokushi Shigaraki-cho Koka-shi

◆ Pamumukadkad ng iba't ibang Bulaklak

• Shiga Nogyo Koen Blume no Oka

(Shiga Agricultural Park Blumen Hugel Farm)

Nemophila (katapusan ng Abril~
Kalagitnaan ng Mayo)

Rosas (Kalagitnaan ng Mayo~Maagang Hulyo)

843 Nishioji Hino-cho Gamo

• Kusatsu-shiritsu Susei Shokubutsu Koen

Mizunomori (Kusatsu City Aquatic Botanical Park Mizunomori)

Water Lilies (Lotus/Nymphaea) (Hunyo~Hulyo)

1091 Oroshimo-cho Kusatsu

• Moriyama Ashikari-en

Ajisai (Hydrangea) (kalagitnaan ng Hunyo)

Sugie-cho Moriyama-shi



Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang

Residente ng Shiga

(Sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)

Tel 077-523-5646 Fax 077-510-0601

email : mimitaro@s-i-a.or.jp

Ang sunod na isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Hulyo

Balita mula sa Mimitaro

◆ Pagbabago ng batas simula Abril 1, 2025

Para sa bakasyon sa pangangalaga ng bata at Pamilya
Ikuji Kaigo Kyugyohou 「Kono Kango-tou Kyuka」

- Pagpalawig ng bakasyon para sa pangangalaga hanggang sa matapos sa pang-3 baitang sa elementarya ang mga bata.
- Idinagdag din ang mga dahilan sa pagkuha ng bakasyon
① Sakit /Pinsala, ② Pagbabakuna /Pagpapasuri ng Kalusugan, ③Pagsasara ng klase dahil sa nakakahawang sakit ④ Seremonya ng Pasukan at Pagtatapos.
- Maaring makuha ang sertipikasyon kahit na ang panahon ng patuloy na pagtatrabaho ay mas mababa sa 6 na buwan.
- Bilang ng mga araw na maaring makakabakasyon : 5 araw sa 1 na taon, 10 na araw naman kung may 2 anak o higit pa.

◆ Segurong-batas sa trabaho /Koyo hoken hou: Pagtatag ng suportang-benipisyo pagkatapos manganak na bakasyon 「Shusseigo Kyugyo Shien Kyufukin」

Para sa mga nakapisan sa seguro ng trabaho, Kung ang parehong magulang ay kumuha ng 14 araw na bakasyon o higit pa upang alagaan ang bata sa tiyak na panahon kaagad pagkatapos maipanganak ang bata, ay may makukuhang dagdag na benipisyo kasama na pati ang kasalukuyang benipisyo para sa pangangalaga ng bata ng hanggang 28 na araw. Bilang resulta ang mga nakapisan ay may makukuha ng parehong halaga ng sweldo (katumbas sa 100%) na mayron sila bago makakuha ng bakasyon sa pangangalaga. Sa kaso ng solong magulang o kaya sa mga maybahay na babae/lalaki o sa mga nakaempleyo sa sarili, walang mga kakailanganin sa mga asawa para makakuha ng bakasyon.

◆ Suportang Orizuru-kai

Suportang-pinansiyal para sa pag aaral, pagpasok sa paaralan, ekskursiyon sa tag init na panahon at iba pang mga bayarin para sa mga batang ulila na nakatira sa loob ng prepektura, na nawalan ng magulang dahil sa aksidente sa trapiko (mula 0 taong gulang hanggang 18 taon gulang sa pagsapit ng Marso sa pasukan na taon.)

[Info] Opesina ng Saligan ng Orizuru-kai
(sa loob ng tanggapan sa pagpapanatili ng kalsada sa Prepektura ng Shiga) TEL 077-528-3682



◆ Panahon para sa pag aplay ng Iskolarsip

Maliban sa Nihon Gakusei Shien Kiko/JASSO

(Japan Student Service Organization) Mayron din

iniaalok na Iskolarsip ang bawat Unibersidad,

mga pribadong korporasyon, mga

samahan at ang lokal na

pamahalaan

<https://www.jasso.go.jp>



◆ Ang lisensya sa Pagmamaneho (My Number License) ay magsisimulang gumana mula Marso 24

Maaaring itala ang impormasyon ng inyong lisensiya sa pag mamaneho sa inyong My Number Card (Individual Number Card) sa sentro para sa lisensya sa pagmamaneho at sa estasyon ng pulisya. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang homepage ng Pambansang Ahensiya ng Pulisya

https://www.npa.go.jp/bureau/traffic/r4kaisei_main.html

